



### Abstract

“America is in the heart,” Carlos Bulosan said in 1946 when he narrated the experience of their generation of old Filipino migrant workers in California during the ‘30s and ‘40s of the twentieth century. “America is not the heart,” responded Elaine Castillo in 2018 when she narrated the lives of three generations of Filipino-American women in the Bay Area. Here’s a twenty-first-century modern love story, “America Is on the Skin,” about the affair between a Black American soldier and a Filipina visiting Washington State, and how they navigate the silences and ghosts—remains and reminders of the continuing wars—present in their momentary union. This personal narrative offers a new and different plot in lyrical storytelling, beyond stereotypical and cliché characters, in a universal and enduring experience and human desire: safety, survival, and redemption.

### Keywords

mobility,  
trauma  
literature,  
women  
literature,  
Philippine-  
American  
narratives

### English title

America Is on the Skin

# NASA BALÁT ANG AMERIKA

GENEVIEVE L. ASENJO

1.

“THIS IS THE real Christmas tree!” nabulalas ko nang matambad sa malaking puno ng evergreen sa harapan ng kaniyang bahay sa gilid ng driveway. “That’s evergreen,” sagot niya. “This is a Christmas tree,” pagtatapos ko. Ito ang unang Pasko na magkasama kami, na ibig sabihin, ang unang Pasko ko sa labas ng Pilipinas na hindi kasama ang aking pamilya. Tatlumpu’t limang taong gulang ako, at umiibig.

Tiningala ko ang puno ng evergreen, ang Christmas tree sa harapan ng kaniyang bahay, at naamoy ko sa hanging Disyembre ang isang kasaysayan ng aking kabataan: ang mga taon ng bulgur wheat, yellow corn, at sakóng papel ng malalagkit na gatas. Feeding kontra malnutrisyon: ayuda ng kaniyang gobyerno.

Humakbang ako papasok sa kaniyang bahay. Mas gusto ko ang aking





## SANAYSAY

mga paa ngayon: walang pag-aatubili, patunay na buhay ako. Kaya pinasok ko ang katahimikan ng kaniyang bahay, na kaniya ring katahimikan, at akin din.

Narinig ko rito ang aming magkakatulad na kasaysayan sa pagtitipid: sa mga nakaimbak na reusable paper bag ng isang healthy food store at plastic bag ng isang convenience store para gawing basurahan. Kinaumagahan, sa kaniyang omelette at aking hard-boiled, ang aming pagkakaiba.

Napapakiramdaman ko siya dahil ramdam ko rin ang aking sarili: itong katahimikan ang ipinunta ko rito. Pananahimik. Dito sa Puget Sound, rehiyon ng mga isla, na ayon sa kasaysayan, sinuyod ng isang George Vancouver noong 1792 para sa Britanya at ipinangalan sa kaniyang opisyal ng militar na si Peter Puget. Bahagi ng kasaysayan ng ikalabingwalong siglo na pinag-awayan ito ng Britanya at Amerika.

Ang iba pang kasaysayan: doon sa kabila ng Pasipiko, sa aking bansa, na pinag-awayan ng Espanya at Amerika sa pagsasara ng ikalabinsiyam na siglo at may sinasabing na-etsa-puwerang kasaysayan ng giyera sa pagitan ng Amerika at Pilipinas kung saan may mga itim na Amerikanong sundalo na tumiwalag sa Amerika at kumampi sa Pilipinas. Gayunman, inuwi nila ang batingaw ng Balangiga ng Samar, at ibinalik pagkatapos ng 117 taon. Iisipin ko ba ang hinagpis ng alingawngaw nito sa pagitan namin?

May nagpapatuloy na giyera sa bahagi ng Mindanao, at wala siya roon. Katabi ko siya, kahawak-kamay, dito sa siyudad ng DuPont sa Washington State. “That’s the Pacific Ocean,” tukoy niya sa dagat na tinultol namin isang hapon pagkatapos ng ulan. Pasipiko—ito ang naghihiwalay sa amin. Ito rin ang tumawag sa akin na dumayo sa kaniya para tawagin siyang *palangga*.

Tinunton namin ito sa pamamagitan ng Sequalitchew Creek Trail. Mangilan-ngilan ang aming nakasalubong sa daan na libon ng malalaking punongkahoy na nangalagas ang mga sanga’t dahon. Mga bangkay silang nakahandusay sa gilid ng daan; isang sahig ang sapa na walang tubig, malaabo ang paligid at yakap ko ang sarili sa lamig. Naisip ko ang mga salitang English na *foliage*, *foray*, *forage*: ano ang kaugnayan nila sa kolonisasyon, sa mga kasalukuyang giyera, at ito ba ang ginagawa namin ngayong hapon? Katapusan ng taon, parang katapusan ng mundo, ng sibilisasyon, at kapwa namin tinutunton ang Dagat Pasipiko sa pag-aasam ng papalubog na araw sa taglamig na parang dito nakasalalay ang aming kaligtasan.



Bago ang dalampasigan, ang tunnel ng train. May graffiti art sa pader at nag-selfie kami, isang pagkilala sa tapang magsulat ng mga walang pangalan. Pagtambad ng dagat, ng kulay abo na langit, tumuntong kami sa mga bato at ninamnam ang sandali sa katahimikan. Inabutan kami ng takipsilim at dito ko nabahagi sa kaniya ang papalubog na araw sa iba't ibang dako ng Pilipinas: sa Manila Bay sa siyudad kung saan ako nakatira; sa San Jose, ang kapital ng probinsiya kung saan ako nanggaling; sa isla ng Boracay na dinarayo ng buong mundo; at sa mga isla sa Palawan na aking napasyalan.

Balang-araw, sabi niya, kapag hindi na siya sundalo, lalapas niya ang katahimikan sa mga papalubog na araw sa mga dalampasigan ng Pilipinas.

## 2.

Puget sound, ito ang tawag sa bahaging ito ng Dagat Salish, na ayon sa Wikipedia, binubuo ng mga bahagi ng dagat katulad ng mga kanal at kaloob-loobang tubig. Ito ang isang tunog na aking narinig: “Get dress,” sasabihin niya, mahina, halos pabulong, kasunod ng mumunting halik, paglapit niya sa akin sa mesa kung saan kaharap ko ang laptop, o sa sofa kung saan nakahilata ako at naglalaro sa iPhone. Sa paglipas ng mga araw, naging isa itong pakiramdaman: kapag namamlantsa siya—at hindi uniporme niya—ibig sabihin, lalabas kami.

May isang hapon na lumabas kami para maglakad-lakad sa Steilacoom, ang unang bayan kung saan nanirahan ang mga unang puting mangangalakal na dumating sa bahaging ito ng Washington State. Kaya isa na itong historic district at may tribal center para sa mga sinaunang katutubong American Indian. Magagara ang mga bahay at napakatahimik ng mga kalsada, palatandaan ng “white neighborhood.” Kami lamang ang “people of color” sa mga nagliliwaliw sa Chambers Bay kung saan kitang-kita ang British Columbia o Vancouver ng Canada.

May puno ng mansanas sa gilid ng isang lumang mill. Itinuro ko ito at hinila siya papunta rito para mamitas kami. Hindi pa pala hinog. Tumigil kami sa katahimikan sa ilalim ng puno ng mansanas hanggang sa parang wala nang iba pang mas mainam gawin kundi ang maghalikan. Tahimik din ang aming mga halik. Parang ayaw niyang malunod kami pagkatapos ko matawid ang Pasipiko. Ngunit parang hindi rin ito ang katahimikan ng kasabihang “silence before the storm.”



## SANAYSAY

Wala sa kaniya-kaniya at magkaparehong katahimikan namin ang panganib. Nasa kalsada ito, sa pangamba ko nang lumabas isang hapon para maglitrato ng mga bulaklak na namumukadkad sa tag-araw ng Setyembre sa pinakauna kong pagdalaw. May nagpapatrol na police. Kinabahan akong titigil ito sa harap ko, hahanapan ako ng ID, at naiwan ko ang passport sa bag sa kaniyang bahay. Sa loob ng panahong ito, sunod-sunod ang balita tungkol sa trahedya ng mga itim na lalaki, kapwa mga bata at matatanda. May isang kaso ng pagsuspende sa klase ng batang lalaking itim dahil “he stared” sa kaklaseng babae na puti. Marami pang kaso, karumal-dumal sa kanilang dahas at lupit, sa kanilang pagtumbas sa mga binatang itim bilang magnanakaw: Trayvon Martin, Michael Brown ... binabadya ng bawat araw ang bago na namang kaso.

Hindi kami magkasama, nasa trabaho siya, ibig bang sabihin mas ligtas ako?

Ngunit hindi lamang sa balat ang banta ng panganib. Isa akong babae at dayo. Dali-dali akong bumalik sa kaniyang property na minamarkahan ng malaking puno ng evergreen. Doon, sa likuran, sa imbakan ng basura, may damuhan at may puno ng peach. Namumutiktik ito sa bunga. Nangahulog. Nahiga ako sa damuhan. Asul ang langit, malinis ang hangin, at may mga ibong lumilipad. Napakatahimik. Bumalik ang aking pagkapanatag. Ngunit panandalian lamang. Naisip ko: kung may masamang n/mangyari sa akin, sino ang makakasaksi?

Magtatanghaling-tapat at hindi ko namalayan ang pagtigil ng kaniyang kotse sa driveway. Naramdaman ko na lamang ang mga yabag ng kaniyang boots sa loob ng bahay. Bumangon ako at pumasok. Tahimik lamang siya, sinalubong ako ng tingin, nagtanong, na parang isang pagkabahala, kung nabubuang na ba ako sa katahimikan—at hindi katulad niya na ito ang gusto at nais panatilihin.

Sa mga pagkakataong katulad nito, alam na alam namin pareho ang dapat gawin: niyakap niya ako at hinalikan sa noo; humalik ako sa kaniyang dibdib, at nagpatianod kami sa agos ng Puget Sound.

### 3.

Maliksi niyang sinasalubong ang umaga. Matikas siyang nakatayo sa harap ng salamin sa dingding na naghihiwalay sa master bedroom at study. Muntik ko nang mapagkamalang panaginip kung hindi siya pumasok sa kuwarto, sa gilid ng kama kung saan ako nakahiga, at hinila paitaas ang blinds para pumasok ang liwanag ng umaga, na para bang sinasabi



niyang bumangon na ako, paalis na siya, ngunit nanatili ako sa piling ng mga unan, pinaniwalaang kabaitan niya ang pagbukas ng bintana, at isang pag-alala, kahit pa ilalayo siya ng umaga sa aking mga bisig, at kailangan kong makontento sa dampi ng kaniyang halik. Maiiwan sa akin ang tunog ng kaniyang boots sa kaniyang mga hakbang palabas, ang pagsara niya ng pinto, ang pag-usad ng mga gulong ng kaniyang kotse mula sa driveway, at maaalala ko ang sariling liksi sa umaga. Babangon ako, matikas sa aking tayot hakbang: akin ang buong bahay.

Mamayang hapon pag-uwi niya, ibalik ko ang dampi ng halik sa pagsalubong ko sa kaniya sa pinto. Magkayakap kaming haharap sa salamin sa dingding. “Get dress,” sasabihin niya, banayad na parang bagsak ng snow, at mamaya-maya pa, hahakbang kami palabas, magkatabi sa front seat ng kotse, palabas sa driveway, labas sa magagarang bahay sa white neighborhood, para mag-dinner sa isang fancy restaurant.

Magkaharap o magkatabi man sa pag-upo, walang bahid ang kaniyang polo ng dugo ng kaniyang uniporme. Isa siyang gentleman sa espasyong ito at mga sandali. Isang mangingibig. Magkukuwentuhan kami habang naghihintay ng order, habang kumakain, habang naghihintay ng bill hanggang sa pagsusulat niya ng tip at pagpipirma hanggang sa pagbabalik sa kaniya ng kaniyang card.

Nasa Seattle kami, sa paborito naming restoran at naikuwento niya, sa kaswal na tono, ang isang panaginip: tumatakbo siya sa kalsada sa gitna ng mga bahay. Sinasalubong niya ang lamig ng umaga at naririnig niya ang pagaspas ng mga dahon. Tunog ito na lumalakas, lumalakas, hanggang maging disyerto ang kalsada; nawala ang mga bahay. May sumabog sa kaniyang tagiliran. Naging sabog ito sa kaniyang ulo at narinig niya ang sigaw ng kaniyang kapwa sundalo sa lugar kung saan ito namatay: sa Bosnia. Binilisan niya ang takbo. Hinahabol na niya ngayon ang kaniyang bagong kaluluwa. Hanggang napagod siya, napaluhod, at napaiyak. Walang katao-tao sa kalsada, sa mga bahay, at narito siya: ginugutay ng gimbal ng giyera—isang anino.

Bakit tinawag kong palangga ang isang anino?

#### 4.

Tinawag ko siyang palangga isang gabi sa ikalimang taon sa kasaysayan ng aming pag-ibig pagkatapos ng isa niyang mahabang kuwento. Bunsod ito ng isang larawan na pinadala niya sa akin. Nakatayo siya sa larawan, isang anino sa kaniyang uniporme, hawak ang kaniyang Kevlar helmet.



## SANAYSAY

Sa likuran niya, isang gusali at nasa harapan siya ng isang pintuan, marahil ng isang opisina. May mababang bakod gawa sa bricks at may mga batang babae, lima, ang dalawa kandong-kandong ang maliliit. Malamang magkakapatid. Parang nasa Pilipinas kung hindi lamang mapuputi ang mga bata at naninilaw ang kanilang buhok.

“What do you want to know?” sagot niya nang mabanggit ko ang larawang ito. Nasa kama kami, nagtutupi ng mga bagong labá. May metodo sa kaniyang pagtutupi. Naaliw ako, at pinag-aralan ko ito. Tinutupi ko na ngayon ang sariling damit sa kaniyang metodo.

“Tell me a story,” lambing ko.

“Why?”

Naisip ko: “Because I want to know you.” Ang aking sinabi—higit kaysa nasabi: “Because stories are interesting.”

Tumayo siya at inilagay ang mga damit sa kanilang tamang lugar: ang mga medyas, boxer, at kamiseta sa drawer; ang mga polo at pantalon, sa walk-in closet; at ang kaniyang uniporme, sa hanger sa gilid ng pinto. Ibig sabihin: paplantsahin. May metodo rin ito, at napag-aralan ko rin.

Naiwan ako sa aking kapayapaan. Hanggang narinig ko ang kaniyang mga yabag, papalayo. Ang kasunod na tunog: “Come here.”

Nasa study niya kami ngayon. Pinapaikot niya ang nakatayong globe sa gitna, kaharap ng bintana na bumubungad sa kalsada. Sa pader, ang bookshelf: malalaki, makakapal, at magagarang libro ng kasaysayan ng mundo, ng kasaysayan ng militar, ng kasaysayan ng mga giyera, ng kasaysayan ng black people. Koleksiyon ng mga tula ni Langston Hughes. Koleksiyon ng mga sanaysay ni James Baldwin. Ang huling bahagi ng buhay ni Hitler. King James Bible. Sa mesa, may nakakuwadrong larawan ni Malcolm X, ang tanging nakalagay rito.

Tinawag ko siyang palangga pagkatapos niya maikuwento ito: taong 1997, dalawampung taong gulang siya, isang medic sa US Army. Nasa ikalawang taon na siya sa isang Tank Battalion sa Germany at natanggap niya ang balitang made-deploy ang kanilang unit sa Bosnia-Herzegovina. Anong panganib ang nag-aabang sa kaniya?

Itinuro niya sa globe ang Brcko, isang siyudad na halos napulbos na ng giyera sa silangan-norteng bahagi ng Bosnia. Mainit dito. Nahirapan siya sa klima higit kaysa pagharap sa masalimuot na away ng mga katutubong grupo: ang mga Eastern Orthodox na Kristiyanong Serbian, mga Katolikong Croat, at mga Muslim na Bosnian. Sa gitna nitong init at gulo ng mga katutubo, ang sunod-sunod na paglusot ng mga bala sa mga



gusali: totoo ang giyera. Hindi siya nilubayan ng takot kahit pa dumaan siya sa matinding pagsasanay para rito.

Sa Camp Colt ang kanilang base camp sa norteng bahagi ng Brcko. Nakilala niya rito ang isang interpreter mula sa Arizona sa Amerika. Magkasama sila sa loob ng tent na tinitirhan nilang mga sundalo. Hindi siya tumagal sa tent na ito. Inilipat siya sa ibang tulugan. Laking pasalamat niya dahil pagkalipas ng isang linggo, may sumabog, isang explosive device. Nakita ito sa tent na iyon at kaagad naman naalis ng mga disposal expert. Ang interpreter na iyon ang itinurong responsable. Kinasuhan ito ng espionage.

Lumipas pa ang ilang araw at marami pa siyang nakilalang mga interpreter at translator na nagtatrabaho para sa US Military sa iba't ibang paraan. Nariyan ang dating Serbian Army at nariyan ang maraming nakikipaglaban para maisalba ang lupa ng pamilya, dahil mga magsasaka sila. Napag-alaman niya na marami sa kanila ang nagtatrabaho para sa Amerika para makaipon ng pera, at makapag-migrate dito.

Marami pa siyang nakilala. Natatandaan niya ang isang lalaking payat at namumutla. Isang araw habang naggu-guwardiya siya, nagkausap sila. Nakayuko ito habang nakikipagkuwentuhan sa kaniya. Ipinagtapat nito ang kinikimkim na pangamba: isa siyang Muslim sa piling ng mga Kristiyanong kapwa Serbian at maaari siyang patayin, anumang oras.

Doon at noon niya naintindihan ang tensiyon sa pagitan ng mga katutubong grupo. Kumukulo ito, sugat ng integrasyon na pinapatupad ng dating diktador na komunistang Yugoslavian na si Josip Broz Tito.

Sa loob ng panahong ito, sa maraming oras, nakasakay siya sa patrol sa paglibot bilang escort sa military band at sa paglipat ng mga lumang armas papunta sa Rusya o sa Tuzla, ang mayor na siyudad sa ilalim na bahagi ng Brcko. Nag-iinspeksiyon din sila sa Weapons Storage Sites kung saan nangongolekta ng mga gamit ang mga militar ng Serbia. Marami ang nakabig sa kanilang inventory, senyales ng lakas at dedikasyon ng komunidad na manalo sa giyera, sa sarili nilang laban.

Ngunit sa halip na lalo siyang matakot, nakita niya ang sarili sa gitna ng masayahin at matulunging komunidad. Nariyan ang kababaihang Serbian na mga tagapaglaba nila, na nagkukuwento ng kanilang tuwa na makasama ang mga Amerikano. Sila ang madaling kunan ng mga impormasyon. Humanga siya: matibay itong kababaihan sa kanilang determinasyon sa pagprotekta ng Greater Serbia. Sa kanila ang mga





## SANAYSAY

kuwento na hindi nababalita sa CNN, sa BBC, at sa marami pang media outlet. Nagkainteres siyang malaman ang kasaysayan ng komunidad at kung ano ang nangyayari sa marami sa kanila at kung bakit ganoon na lamang ang galit nila sa mga Muslim at taga-Croatia.

Nalaman niyang karamihan sa kanila, ayaw umamin na may alam tungkol sa giyera o kung paano ito nagsimula. Sa kanilang kaalaman, nagbago ang kanilang buhay dahil sa radikal na propaganda, megalomaniac na mga protestang politikal, at mga tiwaling opisyal ng militar. Bunga ang kanilang galit ng pagkamatay sa giyera ng kanilang mga mahal sa buhay, sa pagkawala ng kanilang kabuhayan, at dislokasyon. Sinisisi nila ang mga kaaway na kapwa mga katutubo. Gayunman, sa kabila ng giyera, nariyan pa rin ang luntiang kabundukan. Pambihira ang ganda ng lugar. Wala ang gayong ganda rito, sabi pa niya.

Mahilig ding makisalamuha ang mga Serbian, mabubuting tao, at ang nais lang din ay makapagpatuloy sa kanilang buhay. Tumatakbo ang mga bata sa gilid ng kalsada at kumakaway sa kanila na nakangiti habang sakay silang mga sundalo ng armadong Humvee, kung saan nakapatong ang kanilang mga de-kalibreng armas. Kadalasan, tinatapunan niya ng baong kendi at tsokolate ang mga batang ito. Kitang-kita niya ang tuwa sa mga batang karamihan ay payat at marurumi. Litaw sa kanilang mga ngiti ang mga bunging ngipin habang nanghihingi ng pagkain. Ninais niyang higit pang makatulong. *I prayed for God to do more.*

Isang gabi ng Hulyo, kasama siya ng platoon sa patrol. May isang sundalo sa turret ng gunner sa sinasakyan nilang Humvee na sumigaw dahil may naririnig itong putukan. Nag-radio ang sergeant sa lieutenant. Iniutos ng lieutenant na magdahan-dahan ang patrol. Sa loob ng ilang segundo, tahimik silang lahat. Pagkatapos, ang mga putok. Katunog ng AK-47. Madilim. Wala sa kanilang makapagturo kung saan nanggagaling ang kidlat ng putok. Lumabas sila sa patrol. Iniwan nila ang Humvee. Dali-dali silang bumalik sa Camp Colt.

Nireport ng lieutenant ang insidente sa captain, na siyang tumatayong kumander ng kampo. Iniutos nito sa company ang pagguwardiya sa bawat tower. Lampas hatinggabi na ito. Nagpatuloy ang gayung intensidad sa pagguwardiya, sa antisipasyon ng masamang mangyayari sa loob ng higit apat na oras, hanggang sa iniutos ng kumander na ibaba na ang alert status. Kataka-takang hindi na siya kinabahan. Naisip niyang marahil dahil sa pakikipagkilala niya sa mga tao kung kaya't hindi na siya kinakabahan. Paniwala niya, kung may combat mang mangyari,





maiksi lamang ito at kaunti lang ang mapipinsala lalo na sa kanilang mga Amerikano.

Marami pang kuwento, sabi niya, ngunit ang mas tumatak sa kaniya ay ang oras na iyon kung kailan sumabog ang bala sa mukha ng kaniyang kasama.

Dala-dala rin niya ang pangyayari na na-heat stroke ang sibilyan na Bosnian na nagtatrabaho sa konstruksiyon sa Camp Colt. Dinala nila ito sa kanilang medical facility ngunit hindi na umabot. Nakita niya ito, at ito ang pinakaunang pangyayari kung saan nakasaksi siya ng kamatayan ng isang tao.

Sa kanilang medical aid station sa Brcko, nakita niya rin ang maliliit na batang lalaki, mga Muslim, na sumisigaw sa sakit na dulot ng landmines na pumutol sa kanilang mga paa at braso. Kasama nila ang kanilang mga ina na nag-iiyakan para sa kanila. Marubdob ang panalangin niya sa mga sandaling iyon para sa dagdag na tulong ng Diyos. Na sana, mas marami pa ang magawa nilang mga sundalo, nilang mga Amerikano.

Sa panahon ding ito ipinatupad ng presidente ng Serbia na si Slobodan Milosevic ang genocide sa mga katutubong Albanian na nakatira sa Kosovo. Akala niya, ipapadala sila roon ngunit walang dumating na order. Libo-libong Albanian ang napatay na parang mga hayop at sandaang milya lang ang kanilang layo. Halos abutin niya ang langit sa panalangin para sa Diyos na pigilan ang genocide.

Dito siya nagsimulang magtanong sa sarili: May Diyos nga ba talaga? Bakit hinahayaan niyang mangyari ang lahat ng ito?

Bago niya lisanin ang Bosnia-Herzegovina, ito ang kaniyang nalaman: walang lubos na makakaalam sa buong kuwento ng isang komunidad, o bansa, maliban lamang sa mga katutubo nito.

Sinaklot siya ng takot noong una dahil sa pag-aakalang mga basag-ulong nasyonalista—war freak—ang mga Bosnian na sumusuporta sa giyera at genocide. Hindi. Hindi ito ang kaso. Ang totoo, tulad nila at ng marami pang iba, nagnanais lang din naman silang mabuhay nang malaya at masagana. Higit sa lahat, katulad nilang mga sundalo, ang makaligtas sa giyerang ito.

Nang isinara nila ang Camp Colt, marami sa mga katutubo na nagtatrabaho para sa Amerika ang umiyak. Nagalit pa nga ang iba. May mga nariyan din na tahimik lamang na sumakay sa charter bus palabas ng gate, patungo sa buhay na, muli, walang kasiguraduhan. Ang presensiya



## SANAYSAY

nilang mga Amerikano, nilang allied force, ang lifeline ng mga katutubo na Bosnian, iba-iba man ang kanilang tribo.

Paniniwala niya, bubuhayin sila ng kanilang mga kanta at sayaw, ng kanilang mga piyesta at pagtitipon, ng kanilang angking kakayahan sa paglampas sa anumang pagsubok.

Nang makabalik na siya sa Amerika, sa loob ng maraming beses, pinagtakhan niya kung kumusta na ang mga babaeng labandera. Natuloy nga ba ang mga interpreter na nagkukuwento noon ng kanilang pangarap na pag-migrate sa US? Buhay pa ba ang Muslim na interpreter na iyon na kinasuhan? Nasa mabuting kalagayan?

Umulan noong araw na iyon nang umalis siya ng Camp Colt. May bahaghari na lumabas sa ibabaw ng kabundukan. Itinuring niyang pabaon iyon sa kaniya ng mga anghel. Ngunit, at kahit pa, lalong tumindi ang panalangin niya na sana dagdagan pa ng Diyos ang kaniyang tulong sa sangkatauhan. Matagal nang nakabangon ang rehiyong Balkan, at sa paniniwala niya, dahil ito sa mga taong iyon na hindi nagpagapi sa takot. Siguro, sabi pa niya, *some prayers take time to be answered, but the people of the Balkans kept hope, and survived.*

Hinalikan ko siya, at natulog siya sa pagtawag ko sa kaniya ng *palangga*.

### 5.

“Smile,” tukso ko sa kaniya tuwing nagse-selfie kami. Isasagot niya: bakit siya ngingiti? Walang pakialam ang marami sa mga nangyayari sa mundo, at araw-araw may mga sundalong nagbubuwis ng buhay para makapag-selfie kami. Dahil magkasama tayo, idedeklara ko. Hahalikan niya ako sa noo, banayad na parang ayaw niyang mabasag ang anumang banal na nagtatali sa amin, saka siya lalayo. Pupunta siya sa kusina, magbubukas ng ref para sa inumin at tsokolate. Pagsasaluhan namin ito sa sofa o kama, magkayakap, sa saliw ng tunog sa paligid na nanggagaling sa pinapanood naming pelikula sa laptop.

Bakit ko pa isusumbat sa isang sundalo ang mga kasalanan ng kaniyang gobyerno kung pinagbabayaran na niya ito sa katahimikang humihiwalay sa kaniya sa kaniyang mga mahal sa buhay?

Hinahayaan ko siya. Ganito ko pinaninindigan ang pagtawag ko sa kaniya ng *palangga*.

Ito ang natuklasan kong mabisang pag-amo sa anumang karahasan at kapahamakan. Inililigtas ko ang sarili.

Mahal niya ako dahil nakabubuti ako sa kaniya.



Ginagawa niya akong mabuti.

Naroon ako at hindi na siya binabangungot.

Sa 2012 dokumentaryong *The Act of Killing* ni Joshua Oppenheimer, may ganitong pagtatapat ang isang executioner (na siya ring pinaganap na aktor mismo) sa ginawang mass killing sa Indonesia noong 1965–66: sinikap niyang ipatanggap sa papatayin ang hindi maiwasang kamatayan nito ngunit ayaw nitong isara ang mga mata. *Binabangungot siya ng mga matang ayaw magsara.*

Naroon ako at hindi na siya binabangungot.

6.

Sa mga madaling-araw na magkasama kami, tatayo siya sa kaniyang tikas, maghahanda, hanggang sa makikita ko siyang nakaharap sa salamin sa pagbubutones ng kaniyang uniporme. Parang hindi kami magkakilala. Nakahiga ako sa kaniyang kama at bukas ang aking mga mata. Hindi ba ako binabangungot?

Saksi ako sa paulit-ulit niyang pagbubukas ng bintana para makapasok ang liwanag sa kuwartero, sa kama, sa aking katawan. Aalis siya para magtrabaho at iiwan ako sa aking katahimikan. Itinuturing ko itong kabaitan: malaya ako. Babangon ako at aangkinin ang buo niyang bahay. Bubuksan ko ang bintana at makikita ko ang mga puno ng evergreen. Ito ang kaniyang pangalan dahil nananatili itong lunti, sa lahat ng panahon. Kahoy lamang siya at hindi kailangang metapora. Gayunman, narito ako, napangalanan ko ang mga pangyayari sa amin, at tuwing Pasko, hindi lamang ito kahoy kundi ang aking tunay na Christmas tree. Hindi kailangang may kahulugan ito.

Darating ako sa kusina at bubuksan ko ang mga cupboard. Nakaimbak dito ang mga dala kong pakete ng dried mangoes ng Cebu, ang mga pakete ng muscovado sugar ng Antique at Iloilo. Bubuksan ko ang ref. Magbubukas ako ng mga bote: virgin coconut oil, bignay wine, sinamak, honey, lemongrass, gatas ng kalabaw, gatas ng baka, gatas ng kambing, tubig mula sa talon, tubig mula sa sapa, tubig mula sa ulan—napupuno ang kaniyang bahay, nagiging mga bahay ito sa ating bansa, at naaamoy ng buong “white neighborhood,” ng buong Amerika sa kaniyang iba’t ibang kulay, ang ating arkipelago.